

Kababaihang May Pananampalataya



Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang pinakamahahalagang guro sa buhay ko ay mga babae. Noong bata pa ako, pumanaw ang tatay ko, at nagkasakit nang malubha ang nanay ko habang nag-aaral siya sa unibersidad. Parang isa pang ina ang lola ko sa akin, kahit nang bumuti na ang lagay ng nanay ko. Kapwa nila ako tinuruan tungkol sa ebanghelyo, paglilingkod, at mga responsibilidad sa

pamilya. Halos lahat ng pananampalataya ko sa Panginoon ay nagmula sa kanila. Ang asawa kong si June ay isa ring kahanga-hangang kabiyak at guro para sa akin. Nang pumanaw si June, pinakasalan ko ang asawa kong si Kristin. Malaki ang naging impluwensya niya sa buhay ko. Lagi kong pasasalamatang ang matatapat na halimbawa at turo ng kababaihang ito. ●

<p>Chasty O. Harris</p> <p>Siya ang lola ni Pangulong Oaks. Dumating sa Utah ang kanyang lola't lola bilang mga pioneer. Tumulong siyang alagaan ang kanyang mga anak at apo noong mga panahon ng paghihirap.</p>	<p>Stella H. Oaks</p> <p>Siya ang ina ni Pangulong Oaks. Isa siyang guro at lider at tinulungan niya ang maraming adult na makatapos ng high school. Isa rin siyang assistant mayor sa kanyang lungsod.</p>	<p>June D. Oaks</p> <p>Nagpakasal siya kay Pangulong Oaks noong 1952. Mayroon silang anim na anak. Mahilig siya sa sining at tumulong siyang ibahagi ito sa kanilang lungsod. Noong 1998 nagkasakit siya at pumanaw.</p>	<p>Kristin M. Oaks</p> <p>Ikinasal sila ni Pangulong Oaks noong 2000. Isa siyang missionary at nagturo ng pagbabasa. Sumulat din siya ng maraming aklat na pambata.</p>



Lahat ay Kailangan

Paano ka maaring magpakita ng paggalang sa mga batang babae at sa mga batang lalaki at kalalakhian?

“Sa mata ng Diyos, sa Simbahan man o sa pamilya, ang kalalakhian at kababaihan ay magkapantay, na may magkaibang mga responsibilidad. Pangulong Dallin H. Oaks, “Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2014, 52.

MGA LARAWANG-GUHIT NI SIMINI BLOCKER